Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-18 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 22 MAYO 2000, IKA-9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY ODIONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Angelea D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Konsehal Eduardo K. Soriano

KAPASYAHAN BLG. 045
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KINA KAGAWAD AT GNG. JESUS S. DELA CRUZ AT MGA KAANAK SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL NA AMA, G. PAULINO G. GREGORIO.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang minamahal na ang buhay ay ginugol sa paglilingkod sa kanyang pamilya at mga kababayan ay lubos na dinaramdam ng mga naiwan;

SAPAGKA'T, si G. Paulino G. Gregorio, ama nina Kagawad Jesus S. Dela Cruz at Gng. Cherry Gregorio dela Cruz ay may isang panahon ding naglingkod sa mga mamamayan ng Dangay bilang Teniente Del Bario sa mga taong 1935, panahong ang bansang Pilipinas ay bago pa lamang nagsisimula sa pagbuo ng pamahalaan hanggang sa nasakop ng bansang Hapon at hanggang sa pagpapalaya ng bansang Amerika, taong 1946;

SAPAGKA'T, sa mga taong ito na kritikal para sa mga mamamayan, ipinakita at ginampanan ni G. Paulino G. Gregorio ang pagiging isang mabuting lider at mamamayan sa kanyang mga kababaryo ng Dangay;

SAPAGKA'T, ang kanyang pagpanaw ay nag-iiwan sa kanyang pamilya, mga kamag-anak, mga kaibigan at mga kababayan ng magandang alaala gayundin sa mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang pamunuan at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay tauspusong nakikiramay at nakikidalamhati sa kasama sa Sangguniang Bayan, Kagawad Jesus S. Dela Cruz at Gng. Cherry G. Dela Cruz at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ama, G. Paulino G. Gregorio.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Datlcos na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot kina Kagawad Jesus S. Dela Cruz at Gng. Cherry G. Dela Cruz at mga kaanak ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayang ito, ng mga pinuno at mga kawani sa pagpanaw ng kanilang mahal na ama, G. Paulino G. Gregorio.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kina Kagawad Jesus S. Dela Cruz at Gng. Cherry Gregorio Dela Cruz kalakip ang aming taospusong pakikiramay..

Pinagtibay ng lahat. Mayo 22, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. PIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. GUMAPILIS
Punong Bayan

pilz/